“Activity History” ng mga Nahawaan ng COVID-19

1 Umuwi sa ‘hometown’ at nagsalu-salo kasama ang mga kamag-anak o kaibigan

Babae 50s: Humigit-kumulang 10 kamag-anak ang nagtipon-tipon sa bahay ng kanyang mga magulang sa Aichi prefecture at nagsalu-salo pagkatapos dumalaw sa puntod.

Babae 30s：Umuwi sa bahay ng mga magulang sa Kyushu. Iba pang mga kamag-anak ay umuwi rin mula sa ibang Prepektura at naghapunan kasama ang limang kamag-anak. Nang maglaon, lumabas na positibo ang mga kamag-anak mula sa ibang mga Prepektura.

Lalaki 20s: Bago nagsimula ang kanyang mga sintomas umuwi sa bahay ng mga magulang sa Prepektura. Nagpalipat-lipat sa mga izakaya kasama ang 5 mga kaibigan at nag-inuman.

Lalaki 10：Bumalik sa Kanto Region sa bahay ng mga magulang. Nagpunta sa mga entertainment facilities at nag sightseeing kasama ang mga kaibigan ng maraming araw.

2 Travel kasama ang Pamilya at mga Kaibigan

Babae 20s：Bago nagsimula ang sintomas, nanatili sa bahay ng isang kaibigan sa Kansai at sumali sa home-party ng kaibigan. 5 out of 8 sa mga miyembro ng party ay nalaman na positibo.

Babae 10s：Nag karaoke kasama ang 3 kaibigan, pagkatapos ay nag drive papuntang Mie Prefecture kasama ang 3 iba pang mga kaibigan.
Nung gabi ring yun, nag karaoke kasama ng 3 iba pang mga kaibigan, at 4 ang lumabas na positibo.

Babae 20s：Bago nagsimula ang sintomas, ang babae at kanyang pamilya ay nagpunta sa bahay ng kanilang family friends, walang mask na nag-usap. Ang 2 pamilya, na may 11 miyembro, ay nag BBQ din sa isang resort facility.

3 Dinner kasama ang mga Kaibigan at Kamag-anak

Babae 20s：Kumakain at umiinom kasama ang tatlong kaibigan sa isang izakaya sa Nagoya. Pagkalaon ang 1 ay lumabas na positibo.

Lalaki 20s：Bago nagsimula ang sintomas, pumunta sa isang nightclub party sa Mie Prefecture.

Lalaki 20s：Bago nagsimula ang sintomas, dumalo siya kasama ng kanyang asawa sa isang wedding ceremony. Sumama pa sila sa after- party hanggang sa ika-4 na after-party.

Babae 20s：Bago nagsimula ang sintomas, mula umaga hanggang gabi ay kasama ang mga kaibigan. Pagkatapos, nakipagkita sa iba’t iba pang mga kaibigan at paulit-ulit na mga dinner sa loob at labas ng Prefecture.

Lalaki 10：Bago nagsimula ang sintomas nagimbita ng kaibigan sa bahay at kumain silang 4 pagka tapos noon ay nag mahjong. Nang maglaon, natuklasan na ang ilang mga kasama sa dinner at mahjong ay infected.

Lalaki 20s：Sa kabila ng pagkakaroon ng lagnat na 38° o mas mataas pa, kumain at uminom kasama ang kaibigan sa izakaya.

Lalaki 30s：Hapunan kasama ang 10 kaibigan sa Nagoya. Ang isa sa kanila ay nilalagnat.

4 BBQ kasama ang mga Kaibigan

Babae 20s：Nag BBQ sa bahay at ilog kasama ang mga kaibigan. At paikot-ikot na uminom sa prefecture kasama ang mga kaibigan ng maraming araw.

Lalaki 20s：Bago nagsimula ang sintomas, nagtipon-tipon sila na 8 magkakaibigan at nag BBQ. Pagkatapos nag karaoke, kumakain at uminom sa mga restawran.

Babae 20s：Bago nagsimula ang sintomas, 6 hanggang 7 katao na nakilala sa SNS ay nag BBQ sa tabing-ilog.

(Published 2021 Agosto 16 ～ 18)